# Uminom na sila ng gamot!: Mayor Magbitang



## REVANZE

By: Domz B. Caolle

**Trending ngayon sa social media ang pahayag ni Naic Mayor Rommel Magbitang na sagot niya sa upak ng kanyang mga kritiko.**

Matapang at diretsahan ang ng sinabi ng alkalde – na uminom na ng gamot ang mga kritiko niya, gamot marahil para sa hypertension o high blood pressure.

May kasamang retorikal na hamon ang pahayag na ito ni Magbitang sa mga kritiko na hindi niya pinangalanan.

Pabiro ang sinabi ni Magbitang na ito ay isang paraan ng pagpapakita na hindi siya natitinag sa batikos.

May karugtong pa ang pahayag niya: nagawa niya sa loob lamang ng mahigit na isang taon ang hindi nagawa ng mga dating nakaupo sa pamahalaang bayan sa loob ng ilang dekada.

May pagtiyak si Magbitang sa kanyang sinabi: mas marami pa siyang magagandang programa at serbisyong maibibigay sa mamamayang Naicquenos.

Sa halip na magbigay ng sagot na depensa sa kritisismo, umarangkada pa si Magbitang na sinabi, na ang matagal nang pangarap noon, at ipinangako ng mga dating nakaupo sa munisipyo, ito ay tinutupad niya ngayon.

Kongkretong proyekto ang sagot niya sa kritisismo laban sa kanya, ito ang pag-uumpisa ng itinatayong Naic Public Hospital.

Sa isang interbyu, sinabi ni Magbitang na nadarama niya ang paghihirap ng mga lumalapit sa kanyang opisina na humihingi ng tulong sa pagpapagamot, sa pagpapaospital.

Hindi maaaring magpatuloy ang ganito, at ang sagot niya: publikong ospital ng Naic.

Mga daing ng mahihirap sa kawalan ng pabahay, at mismo, siya ay bumibisita sa mga lugar ng nais magkabahay, at ito ngayon ang tinututukan niya sa paglapit sa National Housing Authority at iba pang may kinalaman upang mabigyan ng disenteng tahanan ang mga kapos sa buhay.

Pagsasaayos ng pamilihang bayan, at ang reklamo sa nagtambak na basura, agad niyang inaksiyonan, at sa kabila nito, tumatanggap si Magbitang ng mga paratang at pahiwatig ng korapsiyon.

Tanging isinagot ni Magbitang: Sige lang kayo sa pagrereklamo, pero ako'y magpapatuloy sa paggawa, sa pagseserbisyo.

Yung mga ginagawa niya ngayon ay isang malinaw na contrast strategy; ito ay pagkukumpara ng ginagawa ngayon sa mga hindi ginawa sa nakaraang




panahon.

Ipinapakita ni Magbitang ang determinasyon ng kanyang pamumuno, sa kabila ng mga batikos, hindi siya masisindak, manapa, lalo siyang kikilos pagkat ang hangad niya: maglingkod, hindi ang sumagot sa panlilibak ng mga di-sang-ayon sa estilo ng kanyang pamumuno.

Sabi ng kampo niya: binigyan na sila – ang mga kritiko niya – ng ilang dekadang pamumuno at ang mga hindi nila nagawa, si Magbitang ang umaaksiyon at gumagawa ngayon.

Makikita ang talas ng isip ng batambatang alkalde sa paggamit niya ng retorikang "uminom na sila ng gamot!"

Isa itong populist style ng komunikasyon na kumakapit sa sentido kumon ng masa na may kahalong patawa, maaaring sabihin na panlilibak, at may malupit na mensahe.

"Uminom na sila ng gamot (sa highblood)."

Ipinapakita ni Mayor Magbitang kanyang kumpiyansa, at maituturing ito na tapang at pagkuha pa ng malakas na suporta sa mga kapanalig sa politiko.

Kapalit nito, pagbubuhos ng malamig na tubig sa mainit na birada ng mga di-kakampi sa politika.

Ang pahayag ni Magbitang sa analisis ng Revanze at ng kolumnistang ito ay pagpapakita na ang kanyang pamamahala ay mabilis na kumikilos, at sa kabila ng matatalim na kritisismo, sinasalag niya ito sa pamamagitan ng serbisyo at malasakit sa mamamayang Naicquenos na pinangakuan niya na pagsisilbihan. Ipinakikita ni Mayor Rommel na alam niya sa politika, hindi lahat ay masisiyahan, sab inga, "You cannot please everybody." Ipinapakita ni Magbitang siya ay action-oriented, at hindi kayang matinag sa mga batikos.

"Mambato na kayo nang mambato, pero ako ay patuloy na magtatrabaho." Ito marahil ang mantra o sigaw ng kanyang pamamahala sa bayan ng Naic.

Para sa inyong komento: magmensahe sa bantaybalitanews59@gmail.com

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTERS
ISSN No. 2984-8563
bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 4 No.:44 JULY 27 - AUGUST 2, 2026 15.00

# Mainit na pagbati, Maragondon!




**Muling tumanggap ng mataas na parangal na "Highly Functional" ang munisipalidad ng Maragondon sa pamumuno ni Mayor Lawrence 'Umbe' Arca sa nakaraang 2026 Local Committee Against Trafficking and Violence Against Women and their Children (LCAT-VAWC) Functionality Assessment.**

Nakuha ng Maraondon ang overall rating na 104%.

Ayon kay Mayor Arca, ang pagkilala ay patotoo sa ang pamahalaang lokal ay may maayos pamamahala at programa upang maproteksyunan ang ating mga kababaihan at ang kanilang mga anak laban sa pang-aabuso at karahasan. Hinikayat ng alkalde ang mamamayan na makiisa sa patuloy na pagpapalakas ng mga gawain at kilusamg magtataguyod sa isang ligtas, makatarungan, at mapagkalingang Maragondon para sa bawat mamamayan./DBC

